



Editorial

Hindi na mapipigil ang pagbagsak ng rehimeng Arroyo



**Mga tampok sa
isyung ito...**

Mga protesta sa araw
ng SONA ni Arroyo

PAHINA 4

Salot na proyektong
rehabilitasyon ng PNR

PAHINA 8

Bakit napakamahal ng
gamot sa bansa?

PAHINA 10

Nitong nagdaang mga linggo, pus�ang pinalalabas ng mga propagandista ni Arroyo na ang kanyang gubieron ay matatag at malakas, at papahina at mabibigo ang mga protesta laban sa kanyang rehimeng Arroyo.

Tungo rito, isang agresibong kampanyang propagandang ala-Marcos ang kasalukuyang isinasagawa ng Malakanyang. Kinalatampukan ito ng pagharap ni Arroyo sa masmidya upang isagawa ang mga manipuladong interbyu, pagtungo sa Malakanyang ng mga bayarang alipures upang palabas ng tinatamasa niya ang malawak na suporta at pagtangging talakayin ang mga isyu ng pagkakasangkot ni Arroyo sa hwesteng at pandaraya sa eleksyon. Sinasabayan ito ng matitinding paninira sa mga testigo laban kay Arroyo upang patahimikin o pabaligtarin sila.

Lahat ng ito ay bahagi ng pagpopostura ni Arroyo.

Taliwas sa nais niyang palabasin, patuloy na nasasadlak si Arroyo sa matitinding krisis pampolitika. Halos walang araw na lumilipas na walang lumilitaw na bagong ebidensya at testimonya kaugnay ng kanyang pandaraya at pagsisinungaling.


Pinakahuli rito ang paglantad ng bagong mga testigo na makapagpapatunay sa paggamit niya ng pera mula sa hwesteng para suhulan ang mga upisyal ng COMELEC para tiyakin ang kanyang pananalo. Ang mga testigo ay pawang nagmula sa sirkulo ng mga pinaka-pinakakatiwalaang tauhan ng naghaharing pangkatin at may direkta kaalaman sa mga anomalyang kinasangkutan ni Arroyo.

Palawak nang palawak ang hanay ng

mamamayan naninindigan na kailangan nang wakasan ang kanyang paghahari. Walang tigil ang pagdausdos ng kanyang kredibilidad. Sa mga sarbey, lumalabas na mahigit 80% ng mamamayan ang gustong maalis na si Arroyo sa poder. Siya rin ang nagtamo ng pinakamababang *approval rating* sa lahat ng naging presidente ng Pilipinas.

Sunud-sunod ring nabibigo o nahaharap sa panibagong mga balikid ang mga pakanang inilalatag ng rehimeng para ilihis ang atensyon ng mamamayan sa mga pagsisikap para patalsikin si Arroyo sa poder. Labas sa mga alipures ng Malakanyang, walang ibang kumagat sa itinulak niyang "Truth Commission." Itinutulak niya ngayon ang pakanang baguhin ang konstitusyon (*charter change* o chacha). Pero mismong mga kapartido niya sa Senado ay tutol sa pakana niyang ito.

Ipinagmamalaki pa rin ng Malakanyang ang kontrol nito sa karamihan ng mga upisyal ng gubyerno sa antas prubinsya, syudad at munisipalidad. Sa pamamagitan nila, sinikap gamitin ng rehimeng bilang panindak ang bantang pagtiwalag ng mga prubinsya sa republika ka-



Ang laki at dami ng mga ebidensya sa kaso ng pandaraya at pagkakasangkot ni Arroyo sa hwteng ay nag-uudyok sa kanila na manindigan na rin para patalsikin si Arroyo.

pag napatalsik si Arroyo. Lalo itong naging katawa-tawa nang isalin sa panawagang "pederalisasyon" ang gayong mga banta para gawing pampabuhay sa panawagang chacha.

Unti-unting nawawala ang dati'y napakahigpit na kontrol ni Arroyo sa proseso ng *impeachment*, bagamat patuloy na kinakayod ng kanyang mga alipures sa kongreso ang pagtitipon ng minimum na 189 boto upang biguin ito.

Sa kabilang banda, walang humpay ang paglaki, paglawak at paglakas ng kilusan para patalsikin si Arroyo sa poder. Humigit-kumulang 140,000 ang nagrali sa buong bansa noong Hulyo 25, kabilang ang mahigit 80,000 sa Quezon City—ang pinakamalaking rali mula nang pumutok noong Hunyo ang isyu ng pandaraya ni Arroyo sa

eleksyon 2004 at pagkakasangkot ng kanyang pamilya sa hwteng. Di hamak itong mas malaki sa anumang rali mula noong EDSA Dos ng 2001. Tiyak na masusundan ito ng mas malalaki pang mga pagkilos sa hinaharap.

Ibayong lumawak ang hanay ng mga pwersang anti-Arroyo. Maging ang mga panggitnang pwersa na malawakang kumilos noong 2001 sa EDSA Dos ay unti-unti nang lumalahok sa kilusan laban kay Arroyo. Ang laki at dami ng mga ebidensya sa kaso ng pandaraya at pagkakasangkot ni Arroyo sa hwteng ay nag-uudyok sa kanila na manindigan na rin para patalsikin si Arroyo.

Ang malawakang panawagan para patalsikin si Arroyo ay umaalingawngaw maging sa loob ng militar. Sa kabilang pilit na pinalalabas ng mga upisyal at tagapagsalita ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na buung-buo nitong sinusuportahan ang rehimeng Arroyo, lumalabas sa masmidya ang pa-hayag ng iba't ibang grupo sa loob ng militar na nananawagan sa mga sundalo na huwag kilalanin ang pamumuno ni Arroyo bilang Commander-in-Chief.

Patuloy ang pagbubuo ng consensus sa loob ng malawak na nagkakaisang prenteng anti-Arroyo na palitan na ang bulok, pasista at papet na rehimeng isang demokratikong konsehong bubuuin ng iba't ibang pwersang kalahok sa kilusang pagpapatalsik, na may angkop na representasyon mula sa mga demokratikong sektor at progresi-

ANG Bayan

Taon XXXVI Blg. 15 Agosto 7, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Hindi na mapipigil ang pagbagsak ni Arroyo	1
Panibagong mga unos	3
Mga protesta sa araw ng SONA	4
Pabulusok ang ekonomya	6
Basurang datos	6
Sindikato ng VOS sa Isabela	7
Sagasa sa daanlibong mamamayan	8
Bakit mahal ang gamot sa bansa?	10
Mga gawi ng mga ganid na kumpanya ng gamot	11
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

bong pwersa, at kolektibong mangangasiwa sa transi-
syon tungo sa pagbubuo ng bagong gubyerno. Sal-
min ito ng malalim na pagnanais ng mamamayang Pi-
lipino na magkaroon ng makabuluhang pagbabago sa
sistemang pampolitika na nasa ilalim ng monopolyong
kontrol ng mga bulok at tiwaling pulitiko.

Sa harap ng matindi nang pagkasuklam ng mama-
mayan kay Arroyo, ng napipintong pagbunyag sa iba
pa niyang mga krimen at ng lantaran niyang pagpapa-
kana para makapagpasasa pa siya sa poder, animo'y
hilong-talilong bumbero siyang pumapatay ng apoy
na sunud-sunod na nagsisiklaban sa kanyang paligid.
Anupaman ang gawin niya, lalo lamang magagatu-
ngan ang galit ng mamamayang malaon nang nagpu-
puyos sa napakarami nang pabigat na naipataw ng re-

himen sa kanilang buhay at kabuhayan.

Kailangang pukawin ang malawak na masa ng sam-
bayanan, anihin ang matindi nilang galit at hikayatin
silang magkapit-bisig at isigaw ang kanilang mga hi-
naing. Kailangang maiugnay nila ang kanilang mga hi-
naing sa panawagan para wakasan ang rehimeng Arro-
yo. Ang patuloy na pagpapadalas, pagpapalaki at pag-
papalakas ng mga kilos protesta ang susi sa paglaban
ng mamamayan para patalsikin si Arroyo. Sa katuus-
tuusan, ang makapangyarihang lagablab ng protesta
ang makapagpapabagsak sa kinamumuhiang rehimeng.

Sa pagpapalakas ng kanilang mga pagkilos, nala-
lagay ang mamamayan sa mahusay na katayuan para
isulong at kamtin ang kanilang mga kagyat na kahili-
ngan bago at matapos ibagsak si Arroyo. AB

Panibagong mga unos

Biglang nawalan ng saysay ang opensiba ni Arroyo sa midya nang dalawang araw pa lamang sa kanyang pagpapaganda ay lumantad ang isang dating empleyado ng Malakanyang na nakasaksi sa naganap na panunuhol ni Arroyo sa mga upisyal ng COMELEC.

Noong Agosto 1, isiniwalat ni Michaelangelo Zuce na naging ins-
trumento siya sa pagdadala at pa-
nunuhol ni Arroyo sa mga upisyal
ng COMELEC sa loob mismo ng kan-
yang bahay sa La Vista Subdivi-
sion, Quezon City. Bagamat naka-
lista si Zuce bilang empleyado ng
Malakanyang sa ilalim ni Sec. Jose
Ma. Rufino ng Political Liaison Of-
fice, kilala siya bilang opereytor at
pamangkin ni COMELEC Commis-
sioner Virgilio Garcillano.

Ayon kay Zuce, dalawang beses
niyang nasaksihan ang aktwal na
pamumudmod ng pera sa La Vista.
Aniya, si Lilia "Baby" Pineda ang
nag-abot ng mga sobre matapos
umapela si Arroyo na "tulungan"
siya sa eleksyon. Si Pineda ay bo-
kal ng Pampanga at asawa ni Rodolfo "Bong" Pineda na kilalang
jueteng lord at kaibigan ni Arroyo.
Ayon pa kay Zuce, dumalo rin sa isa
sa mga pagpupulong si Faustino Dy
Jr., dating gubernador ng Isabela.

Sa harap ng mga panibagong
unos na ito, tuluy-tuloy na lumala-
wak ang kilusan para sa pagpap-
atalsik kay Arroyo. Nitong Hulyo 25,

inilunsad ng mga grupo ng mga es-
tudyante, propesyunal, taong-sim-
bahan at iba pang demokratikong sektor
ang White Ribbon Movement bilang
pagpapakita ng kanilang kahandaang ku-
milos para patalsikin si Arroyo.

Nito ring Agosto, nakumpirma na ma-
rami nang grupo ng mga sundalo ang
nag-atras na ng kanilang suporta sa rehi-
men. Sa pamamagitan ng mga pahayag,
magkahiwalay na nanawagan para
sa pagpapatalsik kay Arroyo ang
mga sundalo sa ilalim ng Young Of-
ficers' Union-New Generation (YO-
UNG), Protectors of the Filipino
People, at Young Enlisted Soldiers,
Active and Retired Members for So-
lidarity (YES-ARMS).

Samantala, kaliwa't kanang
pagmamaniobra ang ginagawa ng
rehimen upang sagkaan ang kasong
impeachment laban kay Arroyo sa

kongreso. Ibinunyag ng mga kon-
gresista ang mga tangkang panu-
nuhol sa kanila ng mula ₱50,000
hanggang ₱2 milyon upang hindi
sila pumirma sa reklamo. Sa harap
nito, lalo namang pinatataag ng
oposisyon, kasama ang mga orga-
nisasyong masa, ang mga krimeng
ikakaso kay Arroyo. Kabilang sa
mga ito ang pagka-
kanlong sa mga sun-
dalo at grupong wa-
lang pakundangang
lumalabag sa mga
karapatang-tao.

Mahigpit pa ang
labanan sa *impeach-
ment*. Habang unti-
unting nadaragdagan
ang mga kongresistang handang sumu-
porta rito, ginagamit
pa rin ng administra-
syon ang malaking
bilang nito sa kon-
greso para idiskaril ang proseso.
Nakahanda ang oposisyon at mga
demokratikong pwersa na idaan sa
pag-aalsang masa ang pagpapatalsik
kay Arroyo oras na mabigo ang
impeachment.

Kasabay nito, naghahanda na
rin ang oposisyon at mga demokra-
tikong grupo upang biguin ang pa-
kanang pagbabago sa konstitusyon
sa pamamagitan ng *constituent as-
sembly*. AB





Araw ng SONA ni Arroyo

Mga protesta, dumagundong sa loob at labas ng bansa

Nitong Hulyo 25, araw ng State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo, humugos sa lansangan ang mamamayang Pilipino sa iba't ibang bahagi ng bansa maging sa ibayong dagat upang isigaw ang pagpapabagsak sa rehimeng Arroyo. Pinakamalaki ang kalipunan ng mga pagkilos sa araw na ito matapos mabunyag ang pandaraya ni Arroyo sa nagdaang halalan.

Sa Kamaynilaan, umabot sa 80,000 katao ang dumalo sa protestang isinagawa sa Commonwealth Avenue sa Quezon City, isang kilometro ang layo sa Bataang Pambansa kung saan ipinahayag ni Arroyo ang kanyang walang-katuturan ng talumpati. Di hamak na mas malaki ang raling ito kaysa mga pagkilos na humantong sa EDSA 2 noong 2001.

Ang pagkilos na pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), Gloria Step Down Movement (GSM) at United Opposition ay dinaluhan ng iba't ibang demokratikong organisasyon ng mga manggagawa, kababaihan, mag-aaral, propesyunal, pambansang minorya, taong-simbahang at iba pa sa Kamaynilaan at mga kalapit na prubinsya; mga kinatawan ng mga progresibong grupong *party-list*; at

mga tagasuporta ng yumaong si Fernando Poe, Jr.

Ayon sa Youth Demanding Arroyo's Removal (Youth-Dare), umabot sa 10,000 mag-aaral mula sa mga kolehiyo at unibersidad ang dumalo sa protesta. Para mapanatili sa kani-kanilang bahay ang mas nakararami at mapigilan ang planong malawakang *walk-out* ng mga estudyante, manggagawa, kawani ng gobyerno at iba pa, idineklara ng Malakanyang na walang pasok sa araw ng SONA.

Kapalit nito, nagdaos ang mga estudyante ng alternatibong pag-aaral sa labas ng mga paaralan. Bukod sa sumali sa rali mula sa mga paaralan, dumalo rin ang iba't ibang organisasyon ng kabataan.

Isang araw bago ang SONA, nagsimulang magtipon ang mga demonstrador sa University of the

Philippines sa Diliman kung saan sila nagpalipas ng gabi at nagdaos ng mga panimulang rali. Tanghali na kinabukanan nang magmartsa ang bulto mula sa UP. Binigyang sigla ang martsa ng nagkakaisang mga sigaw ng mga demonstrador: "Pahirap sa masa, patalsikin si Gloria!" Binigyang-kulay ang pagtitipon ng mga plakard, naglalakihang istimer at iba't ibang bandila ng mga dumalong organisasyon. Tam-pok ang napakalaking *effigy* ni Gloria Arroyo bilang isang tukong nakakapit sa Malakanyang.

Tampok sa isinagawang programa ang mga talumpati ng mga lider at kinatawan ng iba't ibang organisasyon. Itinanghal din ang milita-teng mga awitin at mga komposisyon hinggil sa pandaraya ni Arroyo sa eleksyon na kinagiliwan at sinayawan ng mga manonood.

Habang nagpuprograma, nakanasid naman ang libu-libong pulis sa tabi ng inilagay nilang mga trak ng basura, *container van*, kongkretong bloke at *barbed wire* na ginamit na pangharang ng daan.

Sa Mindanao. Ayon sa GSM sa Mindanao, umabot sa 25,000 ang kabuuang bilang ng mga nagprotesa sa lansangan sa buong isla. Bukod sa pandaraya ni Arroyo sa eleksyon, binatikos din ng mama-mayan ang gera laban sa mga Moro at pambansang minorya, gayundin ang pagpayag ng rehimeng sa pandarambong ng mga kumpanya sa pagmimina sa Mindanao.

Sa Davao City, isinabay sa talumpati ni Arroyo ang martsa ng umabot sa 9,000 katao sa mga pangunahing lansangan ng Davao. Dala-dala ng mga nagmartsa ang tatlong kabaong na may markang "Mindanao Republic," "Constitutional Succession" at "GMA". Noong bisperas ng SONA, ilandaang katao mula sa iba't ibang organisasyon ang lumahok sa Lamayan ng Bayan sa Rizal Park.

Sa Caraga, umabot sa 6,000

ang nagmartsa sa mga lansangan ng Butuan City. Umabot naman sa 4,000 ang kabuuan ng mga nagprotesta sa Surigao City at sa mga bayan ng Tandag at Mangagoy. Tatlong libo ang nagprotesta sa lansangan ng Cagayan de Oro City habang 1,000 naman ang nagtipon sa General Santos City. Sa iba pang bahagi ng Mindanao, umabot sa 1,500 ang nagprotesta sa Marbel, South Cotabato at sa mga syudad ng Iligan, Dipolog, Pagadian at Ozamis.

Sa Visayas. Hindi napigil ng malakas na ulan ang mahigit 23,500 katao na nagrali sa iba't ibang bahagi ng Kabisayaan.

Dumagsa ang aabot sa 10,000 nagprotesta sa Bacolod City sa pangunguna ng Negros Movement for Moral Regeneration na kinabibilangan ng Bayan, Bayan Muna at iba pang organisasyong laban kay Arroyo. Lumahok naman ang 2,000 katao sa rali sa Dumaguete City sa pangunguna ng Negros Oriental Movement to Remove GMA (NO MORE GMA).

Sa Iloilo City, umabot sa 3,000 ang nagprotesta. Sa Kalibo, Aklan, 2,000 ang nagmartsa sa Pastrana Park. Nagsagawa ng *caravan* ang 60 traysikel at 25 dyip mula sa bayan ng Numancia patungong Kalibo. Sa Roxas City, umabot sa 1,000 ang nagmartsa sa mga pangunahing kalsada sa Roxas City sa Capiz bago magsagawa ng programa sa plasa. Mahigit 200 naman ang nagprotesta sa San Jose, Antique.

Sa Cebu City, umabot sa 3,000 mula sa iba't ibang organisasyon ang dumalo sa protestang pinangunahan ng GSM-Cebu. Sinuportahan din nila ang protesta ng mga drayber at opereytor sa ilalim ng Nagkahiusang Driver sa Sugbo-Piston.

Sa Tacloban City, sumuong sa malakas na ulan ang 2,000 kataong pinamunuan ng Bayan-Eastern Visayas na nagmartsa mula Real Street hanggang Quezon Boule-

vard. Maring tinuligsa ng mga demonstrador ang matindi at laganap na mga paglabag sa karapatang-tao dulot ng militarisasyong initos ni Arroyo sa Eastern Visayas.

Sa Luzon. Sa Central Luzon, makailang beses pinigilan ng pulisia ang 700 nagmartsa sa kahabanan ng MacArthur Highway sa San Fernando City, Pampanga. Ang pagkilos ay pinangunahan ng Bayan at dinaluhan ng mga nagmula sa Tarlac, Nueva Ecija at Pangasinan.

Sa Baguio City, nagrali sa Igorot Park ang mga kasapi ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) at iba pang organisasyon. Sa Kalinga, nagpalabas ng *Manifesto of Unity* ang mga kinatawan ng iba't ibang organisasyon, mga grupong pam-pulitika at simbahan at mga individwal. Nakasaad sa manipesto ang pagtuligsa sa pandaraya ni Arroyo sa halalan at ang pagkakasangkot niya at ng kanyang pamilya sa korapsyon. Tinuligsa rin sa manipesto ang pagpayag ng rehimeng pagdambong ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina sa prubinsya.

Sa Ilocos Sur at Ilocos Norte, aabot sa 600 katao ang nagprotesa. Umabot sa 1,500 mamamayan ang nagprotesta sa Isabela at Cagayan sa araw ding iyon. Lumahok ang mga mamamayan ng Nueva Vizcaya; Saguday, Quirino; Roxas, Mallig, Ilagan, Benito Soliven, San Mariano, Jones, Echague, Cordon, Tumauini, Cabagan, San Manuel at Angadan, Isabela; at Tuguegarao City sa Cagayan.

Sa mga syudad ng Legazpi at Naga, ilanlibong kasapi ng mga demokratikong organisasyon ang nagmartsa mula sa Ninoy Aquino Park sa Daraga, Albay patungong Pinaglabanan Shrine sa Legazpi City kung saan isinagawa ang isang programa. Sa Southern Tagalog, umabot sa 3,000 aktibista mula sa Laguna at 4,000 pa mula sa mga prubinsya ng Rizal, Cavite, Batangas at Quezon ang lumahok sa

isang *protest caravan*.

Sa ibayong dagat. Sa Hongkong, umabot sa 1,000 ang dumalo sa isang buong araw na protesta na pinangunahan ng Overseas Filipinos Unite to Remove the Arroyo Government (Outrage), isang mala-wak na alyansa ng mga migrante, kanilang pamilya at mga tagasuporta. Pumirma ang mga organisasyong dumalo sa malaking karatulang pasaporte na may mukha ni Arroyo at may tatak na "FAKE" at "Gloria: Pataliskin!"

Sa New York City, USA, gumawa ng isang malaking inidoro ang mga nagprotestang Fil-Am sa pamumuno ng Coalition for Gloria's Ouster at Bayan-USA. May nakasulat na "Plunge Gloria" sa inidoro at may isang artistang may hawak na *cell-phone* na kunwa'y si Arroyo. Itinampok sa programa ang simbolicong pag-flush kay Arroyo sa inidoro.

Nagsagawa rin ng mga protesta sa Seattle, Los Angeles at San Francisco.

May mga Fil-Am na kasapi ng USA 4 GMA's Resignation at Bayan-USA na umuwi pa sa Pilipinas para lumahok sa pagkilos sa Quezon City.

Isang bukas na liham para sa pagpapabitiw kay Arroyo ang ini-lathala sa isyung Hulyo 25 ng *Dyaryo Pilipino* na may sirkulasyon sa California, Florida at Texas. Pinirmahan ito ng 58 lider ng mga komunidad ng mga Pilipino sa US.

Sa Canada, nag-ilon ang mga Pilipino at kanilang mga tagasuporta sa tapat ng mga Philippine Consulate sa Toronto, Montreal at Vancouver.

Sa Australia, nagpiket sa Philippine Consulate sa Sydney ang mga Pilipino sa pangunguna ng Migrante.

Sa Europe, nagsagawa ng mga kilos-protesta at simposium ang mga Pilipino sa The Netherlands, Italy at Switzerland.

Pabulusok ang ekonomya

Handa nang bumwelo ang ekonomya. Ito at iba pang kabulastugan ang laman ng pinakahulugan State of the Nation Address ni Gloria Arroyo. Muli na naman niyang ipinagmayabang ang kanyang umano'y nakamit na tagumpay sa ekonomya. Ngayong taon, dinagdagan pa niya ang pang-iinsulto nang ideklara niyang ang dahilan ng pagkaatrasa-do at bangkarote ng ekonomya ay ang presidensyal na sistema ng panggugubyerno at mga pagkilos laban sa kanya.

Hindi malaman kung saang lupol hinugot ni Arroyo ang kanyang haka-hakang bubwelo na ang ekonomya. Maging ang mga makaimperialistang institusyon, katulad ng Asian Development Bank at Makati Business Club (MBC) ay nagdududa sa bolang-kristal ni Arroyo. Kamakailan, binawi ng mga ito ang unang matayog na tanyang paglago ng ekonomya para sa taong ito at sinabing hindi ito aabot sa 5%. Ang mga pigura ng reaksyunaryong estado na tumutukoy sa "paglago"

ng ekonomya ng Pilipinas ay labis na mapanlinlang. Nitong nakaraang mga taon, ang "paglago" ay inihahatid lamang ng malaking remitans mula sa mga migranteng manggagawa at malaganap na gamit ng *cellphone*. Sa kabilang nito, umabot lamang sa 4.6% ang sinasabing paglago, kumpara sa 6.1% noong 2004.

Tuluy-tuloy na bumabagsak ang manupaktura. Ang ipinagmamalaking "pagsigla" ng kalakalan ay du-



lot lamang ng pagtaas ng mga presyo ng inaangkat, laluna ng mga produktong petrolyo. Ang mga ito'y pawang palatandaan ng bangkarote at bulok na lokal na ekonomya.

Ngayon pa lamang, napakali-naw nang hindi bubwelo, bagkus ay lalo pa ngang dadausdos ang ekonomyang sadlak na sa krisis. Bumagsak nang 73.4%

ang halaga ng kabuuang inaprubahang direktang dayuhang pamumuhunan para sa unang kwarto ng 2005. Mula sa ₱118.6 bilyong halaga ng pamumuhunan sa unang kwarto ng 2004, aabot lamang sa ₱31.5 bilyon ang tinatayang pumasok sa bansa sa unang kwarto ng 2005. Masahol pa, napakaliit na porsyento sa inaprubahang pamumuhunan ang aktwal na pumapasok sa bansa.

Patuloy na lumalaki ang deposit sa kalakalan sa kabilang manipulasyon ng mga ekonomista ng rehimeng Arroyo.

Lumaki pa ang dati nang dam-buhalang deposit sa pambansang badyet. Para sa unang anim na buwan, umabot na ito sa ₱67.5 bilyon. Tiyak na tataas pa ito sa susunod na mga buwan lalupa't patuloy na nabibigo ang rehimeng mali-kom ang target nitong buwis.

Ang interes sa lokal na pautang ay inaasahang lalo pang tataas nang lampas sa naitalang 7.34% noong nakaraang taon. Ibibunsod nito ang lalo pang paglaki ng utang ng gubyerno. Sa nakaraang pitong buwan, lumobo nang mahigit ₱56 bilyon pa ang kabuuang utang ng reaksyunaryong gubyerno sa unang kwarto—mula ₱3.811 trilyon noong Disyembre 2004 tungong ₱3.867 trilyon nitong Abril 2005. Noong nakaraang taon, umabot sa 81% ng kabuuang nalikom na buwis ng gubyerno ang ipinambayad sa utang nito. Inaasahang aabot ito sa 94% ngayong taon.

Basurang datos

Tinukoy ng mga ekonomista sa ibang bansa na mula pa 2002 ay may malalaki nang kamalian sa datos sa ekonomya ng rehimeng Arroyo isang taon mula nang maluklok ito, lumabas na maliit lamang ang sunud-sunod na mga deposit sa kalakalan. Ikinubli ng mga maling datos ang masama at padausdos na kalagayang pang-ekonomya.

Noong 2002 pa isinapubliko ng World Bank na signipikante ang halagang hindi iniuulat ng Pilipinas sa mga aktwal na iniimport nito, kaya lumabas na mas maliit kaysa aktwal ang deposit. Sisimulan na lamang ngayong 2005 ang upisyal na pagwawasto sa mga maling datos.

Pinakamalaking sanhi ng kamalian ang di pagkakakwenta sa halaga ng materyales na iniimport ng mga gumagawa ng pyesang elektronik mula sa kanilang mga punong kumpanya sa ibang bansa. Ang materyales ay bahagyang pinoproseso at muling inieeksport. Mula 2002 hanggang Marso 2005 ay hindi naisama sa kwenta ang mga importasyong ito, pero iniuulat naman ang mga eksport na gawa sa naturang materyales.

Batay sa mga pagwawastong naobligang gawin ngayon ng National Statistical Coordination Board, ang mga deposit sa kalakalan noong 2002-2004 ay hindi lamang ₱218,348,976 (2002), ₱1,265,297,931 (2003), at ₱712,992,935 (2004), kundi aabot sa ₱4,028,355,402 (2002), ₱4,239,306,046 (2003) at ₱4,451,619,994 (2004). Ibig sabihin, mahigit ₱10 bilyong deposit sa kalakalan ang hindi nairehistro.

AB

Hindi maikakaila na ibayo pang nalugmok sa kahirapan ang mamamayan Pilipino mula nang maupo si Arroyo sa poder. Ayon sa samutsaring mga sarbey, aabot sa 70% ng mamamayan sa Metro Manila ang nagsasabing mas naghimirap sila ngayon kumpara sa nakaraang mga taon. Dalawampu't isang porsyento (21%) ng mga pamilya ang nagsasabing dumaranas sila ng matinding gutom (lagi o halos laging walang makain nang isa o higit pang beses araw-araw sa nakaraang tatlong buwan).

Hindi mapagtakpan ng mga dinuduktor na estadistika at pagbabago ng depinisyon ng disempleado ang napakalaking bilang ng walang trabaho. Kung gubyerno ang tatanungan, aabot na sa 11.4% ang walang hanapbuhay. Kahit pa dinuktor, ang kasalukuyang tantos ng disempleado ang ikalawang pinakamataas na sa nakaraang 50 taon. Aabot sa 41% ng mga may trabaho ang walang seguridad sa trabaho at may matinding pangambang matatanggal sa trabaho.

Kung tutuusin, mas malubha pa ang kalagayan ng disempleado. Aabot ito sa 21% ayon sa sarbey ng SWS. Ito na ang pinakamataas na naitalang tantos ng disempleado sa loob ng 12 taong isinasagawa nila ang naturang sarbey.

Noong nakaraang taon, damang-dama ng mamamayan ang pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo. Nasa 8.3% ang tantos ng implasyon sa unang anim na buwan ng 2005, kumpara sa abereyds na 4.4% noong nakaraang taon. Kabilang sa pinakamatarik na tumaas ang presyo ang mga produktong petrolyo, pamaše, gatas, at mga delata. Sa kabilang ng lahat ng ito, patuloy na tumatanggi ang rehimen na dagdagan ang sahog ng mga manggagawa at sweldo ng mga kawani ng gubyerno. **AB**

Sindikato ng VOS sa Isabela

Maraming magsasaka sa Central Isabela na nakapailalim sa Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ang nagiging biktimatima lamang ng mga sindikatong nagpapanggap na tumutulong, ngunit katunaya'y nagsasamantala sa kanila. Nagagawa ito ng mga sindikato sa pamamagitan ng mga pekeng *voluntary offer to sell* (VOS) o boluntaryong pagbebenta ng may-ari ng lupa para ipailaim sa CARP. Kasabwat ng mga sindikato rito ang mga upisyal ng Land Bank, Department of Environment and Natural Resources (DENR) at mga lokal na gubyerno.

Sa Central Isabela, pinakaaktibo ang sindikato sa mga baryo ng Panninan, Ueg, Balagan, Macayucayu, Gangalan, Libertad, Buyasan, Ibuwan, del Pilar at iba pa sa bayan ng San Mariano. Nambibiktima rin ang sindikato sa mga bayan ng Echague, Jones, Angadanan at San Guillermo.

Sabwatan. Aktibong naghahanap ang sindikato ng mga lupaing hindi titulado subalit malaon nang binubungkal ng mga magsasaka. Kapag nakatagpo sila, lalapitan ng sindikato ang magsasakang umookupa rito at kukumbinsihing patituluhang ang lupain para mapagtibay umano sa batas ang pag-aari niya rito. Mag-aalok siya ng tulong sa pagpapatitulo. Bilang unang hakbang, anila, ipapasarbey ang lupa. Hinihingan ang bawat magsasaka ng ₱3,500 para rito, samantalang isa sa mga dapat na libreng serbisyo ng DENR ang pagsasarbey ng lupa.

Lingid sa kaalaman ng mga magsasakang nagbayad sa pagpasarbey, may dati nang inihangdang huwad na titulo ang sindikato na nakapangalan sa kanilang kasabwat. Matapos ang ilang panahon ay sasabihan na ng sindikato ang mga magsasakang nagpasarbey na mayroon na pala umanong dati nang nagmamay-ari ng lupang kanilang binubungkal, at



boluntaryo na nitong ibinebenta ang lupa para ipailalim sa CARP. Pagkatapos, iisyuhan ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ang mga magsasaka at pa-huhulugan sa kanila ang lupa bawat anihan para mapasakanila ang titulo matapos ang 30 taon. Ang mga nagdadalawang-isip o tumututol ay binabantaang palalaya-sin.

Ang sindikato ang kumukubra sa perang ibinabayad ng Land Bank sa taong may hawak ng pekeng titulo at voluntaryo umanong nagbenta ng kanyang lupa. Kadalasang libu-libo ang nahuhut-hot ng mga sindikato sa ganitong pamamaraan sa bawat magsasa-

kang nalilinlang nila. Sa humigit-kumulang ₱500,000 na bayad ng Land Bank sa bawat lupain na karaniwa'y 7.8 hektarya, naibubulsa ng sindikato ang ₱70,000 kada hektarya ng nasasarbey nila. Mayroon namang ₱10,000 balato ang kasabvat nilang nagpagamit ng kanyang pangalan sa pekeng titulo. Ang mga *canvasser* o mga tagahanap ng mga malolokong magsasaka ay may bayad namang ₱2,500 bawat isa. Sa Barangay Panninan, nakabenta ang sindikato ng 32 lote sa Land Bank sa ganitong paraan—at nakapagbulsa ng ₱16 milyon mula rito!

Nagpapaligsahan ang mga kasapi ng sindikato sa pagpapasarbey at pagbebenta ng mga lupain sa pam-

magitan ng mga pekeng VOS para makakamal ng pinakamalaking halaga. Limpak-limpak na salapi ang kinita ng sindikato mula sa panloloko, na laway lamang ang puhunan. Samantala, halos tiyak nang maiilitan ng lupang malaon na niyang pinagpaguran ang magsasakang hindi makasusustini ng amortisasyon, dahil sa patuloy na pagtaas ng gastusin sa produksyon.

Sa dami ng ganito at iba't iba pang paraang nagpapakita kung gaano kadali at kalaganap ang pagpepeke ng mga instrumento ng CARP para lokohin ang mga magsasakang umaasa pa rito, di nakapagtataka kung bakit lalong namumulat ang paparaming magsasaka sa kainutilan ng CARP. AB

Philippine National Railways Modernization and Rehabilitation Program

Sagasa sa buhay ng daanlibong mamamayan

Dambuhalang tubo at kurakot ang tiyak na pakinabang ng malaking burukrata ng rehimen at malalaking ispekulador sa lupa sa pagsusulong ng "Strong Republic Transit System" o Philippine National Railways Modernization and Rehabilitation Program (PNR-MRP) ng rehimeng US-Arroyo.

Daanlibong mamamayang taga-riles na ang pinalayas sa kanilang mga tahanan upang bigyang-daan ang "modernisasyon" ng daang-bakal na produkto ng mga kapitalistang bansa. Pangunahing layunin nito ang pagpapabilis sa mga operasyon at negosyo ng mga impreyalista, burges-kumprador, panginoong maylupa at mga burukrata kapitalista sa mga lugar na babagtasin nito.

Pakikinabangan din ng malaking may-ari ng lupa, ispekulador sa lupa at kumpanya sa konstruksyon ang lalawak na mga konstruksyon at biglang malaking pagtaas ng presyo ng lupa sa paligid.

Ang PNR-MRP ay binubuo ng Northrail o Manila-Clark Rapid Railways System (riles na babagtas mula Caloocan hanggang Clark Airbase, Pampanga patungong Subic Freeport Zone sa Zambales at may ekstensyon mula Clark tungong Poro Point, La Union) at Southrail o South Manila Commuter Rail Project (riles na babagtas mula Caloocan patungong Alabang hanggang Calamba; may ekstensyon mula Ca-


lamba hanggang Batangas International Port at may isa pang ekstensyon papuntang Quezon hanggang Bikol).

Para mapondohan ang proyekto, umutang ang rehimeng US-Arroyo ng \$503 milyon sa China para sa Northrail at \$50.42 milyon sa South Korea para sa Southrail.

Mala-wakang korapsyon at panlinlang. Hirap na hirap na nga ang mamamayan na nakatira sa tabi ng lumang riles, gusto pa silang huthutan ng rehimeng Arroyo.

Sa pamama-

gitan ng mga ahensya nito, naglunsad ang rehimen ng mga mapanlinlang na programang pabahay at relokasyon. Bukod sa mabilis nitong mapapalayas ang mga naninirahan sa tabing-riles, milyun-milyon din ang mahuhuthot ng rehi-



men sa napakamahal na "murang pabahay" na iniaalok nito.

Ang kwalipikado lamang para sa pakanang "murang pabahay" ay yaong mga sumasahod ng di baba-ba sa ₱6,000 kada buwan, myembro ng SSS o GSIS at Pag-ibig at kasapi ng lehitimong organisasyong rehistrado sa SEC. Bago mapasakanila ang bahay, magbabayad muna sila ng upa sa loob ng limang taon. Sa pang-anim na taon pa lamang ilalagay sa kanilang mga pangalan ang bahay at huhuligan nila ito sa loob ng 25-30 taon nang may 9% interes. Sinumang hindi makapagbayad ay kaagad palalaysin.

Kakutsaba ng rehimeng Arroyo at kumikita sa mga proyektong tulad nito ang malalaking kontraktang kroni, may-ari ng lupa sa paligid, mangangamkam at ispekulador sa lupa, at pribadong debeloper ng mga subdibisyon.

Gumagamit ang rehimeng ng mga huwad na lider at mga repermistang grupong nagpoposturang maka-mamamayan tulad ng Akbayan upang pabilisin ang panloloko sa mga pamilyang nakatira sa tabing riles. Ang mga lider at grupong ito ang nangangakong mayroong magandang malilipatan ang mga pamilya. Sa katunayan, kapag may nakumbinsi na sila ay saka palamang sila maghahanap ng lugar ng relokasyon at papasok sa kontratang hindi naman kaya ng bulsa ng mga napalilikas. Para magmukhang lehitimo ang panggagantso, nagtatayo sila ng mga organisasyong masa na pinopondohan ng rehimeng di lamang upang pahinain ang pagtutol sa proyekto kundi tumulong sa pagkumbinsi sa mga tagaroon na tanggapin ang bayad, gaano man kaliit, at gayo'y mapadali ang pagpapaalis sa kanila.

Kaliwa't kanang demolisyon.

Mula noong Nobyembre 2003, mahigit 20,000 pamilyang taga-riles sa Caloocan, Malabon at Valenzue-

la ang napalikas na. Magkakasapakat ang lokal na gubyerno, National Housing Authority, Housing and Urban Development Committee at mga repermistang grupo sa panloloko sa mga taga-riles na may mayaos na relokasyong naghahintay sa mga boluntaryong liliwas. Pagkatapos, sinabing "limitado" ang oportunidad kaya dapat ay mauna sa pagbobiluntaryo. Kunwa'y binigyan ng pondo ang ilang nauna para magsunuran ang iba. Pagkagiba ng mga bahay, inilipat sila sa mga lugar sa Meycauayan at Malabon na walang tubig, kubeta, kuryente, palengke, ospital at higit sa lahat, walang kabuhayan. Ang mga lupaing ito ay tinambakan lamang ng lupa at malaon nang ginagawang basurahan. Tuwing umuulan, lampus-baywang ang tubig baha.

Gayunman, pinababayaran ng ₱100,000 (₱3,000 kada metro kwadrado) ang bawat 32 metro kwadradong nakalaan sa isang pamilya. Ito'y kahit ₱300 ang oriinal na presyo ng bawat metro kwadrado. Kung hindi ito mababayaran, mapalalaysin din ang mga nagsilipat. Samantala, limpak-limpak ang tinubo ng mga kakontrata ng gubyerno. Bukod pa rito ang tubong hinuthot sa paglusot sa patakaran ng *bidding* sa pagkuha ng lupang para sa relokasyon. Minsa'y naniningil din sila ng "service fee" sa mga taga-riles bilang kabayaran sa mga "information drive".

Isa sa mga panloloko ng rehimeng ang kampanyang "balik-prubinsya". Sa ilalim nito, nangangako ang gubyerno na bibigyan ng ₱50,000 ang ilang kwalipikadong residente para boluntaryong lumikas pabalik sa sariling lalawigan. Kwalipikado lamang ang isang pa-

milya kapag kasama sila sa sensus ng gubyerno at nakapirma ang mga gumawa ng sensus sa mga papeles nila. Sapilitan na nga ang pagpalikas at di na nga sapat ang ₱50,000, kinukupitan pa ito, kaya't kulang na kulang ang natatanggap ng mga nawawalan ng bahay para muli silang makapagpundar at makapagsimula nang maayos.

Nitong Pebrero, boluntaryong giniba ng mahigit 10,000 pamilya

ang kani-kanilang mga bahay. Ginalawa nila ito sa pagasang matatanggap ang ipinangako sa kanilang ₱50,000 halaga ng tseke at mayaos na relokasyong diumano'y mapapasakanila paglaon. Ngunit

di aabot sa kalahati ng mga nagsilikas ang nakatanggap ng pondo na nagkakahalaga lamang ng ₱10,000. Ang mapanlinlang na katwiran: ang ₱40,000 ay hindi na ibinigay sa kanila sapagkat pauhang bayad umano ito para sa krapatan sa pagmamay-ari sa relokasyon. Mayroon ding mga tsekeng tumalbog.

Masahol pa sa dating hirap na kalagayan sa tabing-riles ang sinapit ng mga nagsilikas. Imbes na permanenteng tirahan, ang pinaglipatan sa kanila ay pansamantala ng tirahan lamang bago umano sila palipatin sa relokasyon. Hindi pa pala nagagawa ang kanilang paglilipatan, na pinabayaran na ng ₱40,000! At pagkatapos, sinabihan ang mga nagsilikas na ang ₱50,000 pangakong pondo ay pautang lamang ng gubyerno!

Wala sa bokabularyo ng reaksyuntaryong rehimeng ang makataong relokasyon. Sa katunayan, wala itong kapasyahang maghatid ng anumang batayang serbisyo publiko, kabilang ang pabahay.

Hindi pa pala nagagawa ang kanilang paglilipatan, na pinabayaran na ng ₱40,000!

Bakit napakamahal ng gamot sa bansa?

Katulad ng presyo ng pagkain, kuryente, tubig at iba pang mga bilihin at serbisyo, walang tigil at abot-langit ang pagtaas ng presyo ng mga gamot sa Pilipinas. At sa kakarampot na kita ng ordinaryong mamamayan, lalong wala silang kakayahang magpatingin sa doktor at bumili ng gamot. Ayon sa isang pag-aaral, umaabot sa 70% ng mga Pilipino ang walang kakayahang magpagamot.

Karaniwang umaabot sa 100%-600% ang patong sa presyo ng mga gamot sa Pilipinas kumpara sa maraming bansa. Ang presyo ng gamot sa Pilipinas ay umaabot nang 1,800% o labingwalong ilit na mas mahal sa gamot sa India, China, Cuba, Vietnam at Brazil.

Ang napakataas na presyo ng mga gamot ay bunsod ng kontrol ng mga dambuhalang *transnational corporation* (TNC) sa paglilisensya, pag-aangkat at limitadong pagmanupaktura ng gamot sa Pilipinas. Ang mga TNC na ito ay mga pandaigdigang monopolyo kapitalista sa gamot. Kakutsaba ng mga ito ang reaksyunaryong estado sa pagpapatupad ng mga patakaran at batas na pabor sa kanilang interes na kumita ng limpak-limpak na tubo.

Sa halip na magtayo at magpaunlad ng pambansang industriya ng gamot, pinababayaan lamang ng rehimeng magbagsak ng pagkamahal na gamot sa bansa ang mga dayuhang kumpanya. Noong 2004, umabot sa \$375 milyon ang inangkat na gamot ng Pilipinas. Mas mataas ito nang 11% kumpara sa \$355 milyon noong 2003.

Walang tunay na industriya ng gamot ang Pilipinas. Ang sinasabing industriya ng gamot sa bansa ay pumapatungkol lamang sa distribusyon (pakyawan at tingi), pagmamanupaktura sa pamamagitan ng pagtitimpla ng inangkat na sangkap at pagpapakete. Ang 80% ng mga batayang kemikal na ginagamit sa pagtitimpla ng gamot ay iniimport ng mga lokal na kumpanya. Bukod rito, nakagagawa lamang

ng mga gamot ang mga lokal na kumpanya sa pahintulot ng mga dayuhang kumpanya. Umaabot sa 90% ng mga gamot na gawa ng mga lokal na kumpanya ay sinusuplay ng mga TNC.

Monopolisado ng imperyalistang kartel ang 72-80% ng manupaktura, distribusyon at presyo ng mga gamot sa bansa. Ang Zuellig Pharma ng United Kingdom ang nangungunang dayuhang kumpanya ng gamot sa Pilipinas. Kontrolado nito ang 80% ng distribusyon ng gamot sa bansa na nagkakahalaga ng ₱29 bilyon taun-taon. Hawak din nito ang 70% ng pa-kyawang pagbebenta ng gamot sa bansa.


Bukod sa distribusyon, hawak din ng Zuellig Pharma ang lokal na pagmamanupaktura ng gamot sa pamamagitan ng kapatid na kumpanyang Interphil Laboratories. Ang Interphil Laboratories ang na-ningguna sa kontratadong pagmamanupaktura ng gamot sa Pilipinas. Nililikha nito ang mahigit 1,000 produktong may tatak (*branded*) para sa 50 kumpanyang

transnasyunal. Hawak din ng Interphil Laboratories ang 70% ng pag-subcontract ng mga gamot na *generic* at may tatak sa mga lokal na kumpanya ng gamot.

Ang United Laboratories (Unilab) naman ang pinakamalaking kumpanyang Pilipino na kumokontrol sa 23% ng pagmamanupaktura ng gamot sa bansa. Pag-aari ito ng dating kroni ni Marcos na si Jose Yao Campos. Kapatid na kumpanya ng Unilab ang Chemfields, ang tanging kumpanya na nagma-manupaktura ng mga gamot na amoxicillin, ampicillin at cloxacillin sa bansa. May 366 na klase ng gamot na nililikha at ibineben-ta ang Unilab. Tumaas nang 13.5% ang kita nito mula ₱18.1 bilyon noong 2003 tuong ₱20 bilyon noong 2004.

Samantala, ang natitirang 5% ng pagmamanupaktura sa industriya ng gamot ay binubuo ng maliliit na kumpanyang Pilipino at iba pang mga kumpanyang multinasyunal na may lokal na sapi.

Sa distribusyon ng gamot, ang Mercury Drug ang pinakamalaki at nangungunang kumpanyang Pilipino sa pagtitangi ng mga gamot. Mayroon itong mahigit 500 botika sa buong bansa. Tinatabo nito ang 55% ng ₱80 bilyon



taunang kita sa tingin pagbebenta ng gamot sa Pilipinas.

Ipinagmamalaki ni Arroyo ang programang PHARMA50 (dating GMA50) ng DOH. Bahagi ng programang ito ang pagtatayo ng mga "Botika ng Bayan" at "Botika ng Barangay." Hindi makayanan ng pakitang-taong programang ito ang kritikal na kundisyon ng matinding pangangailangan ng mamamayan sa abot-kayang gamot. Bukod rito, nakatuon ang programang ito sa importasyon.

Walang ibang solusyon sa malalang problema ng kawalan ng abot-kayang gamot kundi ang pagsusulong sa pagtatayo ng pambansang industriya ng gamot—isang industriya na walang layuning pagkakitanan ang mga sakit at karamdaman ng mamamayan. Subalit hindi ito maaasahan sa kasalukuyang pampulitika at pang-ekonomyang sistema. Maitatayo lamang ito ng tunay na gubyerno ng mamamayan na hindi maninikluhod sa globalisasyong nananalasa sa buong mundo at nagkakamal ng supertubo mula sa mamamayan.

AB

Mga gawi ng mga ganid na kumpanya ng gamot

Ang mga imperyalistang kumpanya at mga lokal na alipures nila ay walang pakundangang gumagamit ng iba't ibang pamamaraan para monopolyohin ang industriya ng gamot at lalong magkamal ng superganansya. Ilan sa mga pamamaraang ito ang sumusunod:

Transfer pricing. Sa pamama-raang ito, bumibili ang mga lokal na subsidyaryo sa kanilang punong kumpanya ng mga gamot at materyales na mas mahal kaysa umiiral na presyo sa pandaigdigang pamilihan. Umaabot sa 30-40% ang arbitraryong ipinapato ng punong kumpanya na "halaga" sa pamamagitan lamang ng pagpapasa ng mga produkto samantalang napakaminimal ng gastos sa pagpapasa. Lalo pa itong pinapatungan ng mga lokal na subsidyaryo kapag ipinapasa na nila ang gamot sa mamamayan. Halimbawa, ang Ponstan 250 ay ₱1.33 lamang bawat piraso sa bansa ng kumpanyang pinagku-kunan subalit umaabot sa ₱9.34 sa Pilipinas dahil sa *transfer pricing*.

Price fixing. Ito ay paraan kung saan pinagkakasunduan ng mga myembro ng kartel kung magkano ang itatakda nilang presyo sa bentahan ng kanilang mga gamot. Paraan ito ng kartel para hindi maging kapuna-puna ang sobrang taas ng presyong sinisini ngil ng bawat kumpanya.

Patent. Ang *patent* ay nagbibigay ng eksklusibong karapatan

sa isang kumpanya na magmanu-paktura o pumili ng ibang kumpanyang bibigyan ng lisensyang magmanupaktura ng isang gamot sa loob ng isang takdang pahanon. Ang ibang kumpanyang lisensyadong gumanwana ng naturang gamot ay may obligasyong magbawayad ng *royalty* sa may-ari ng *patent*. Sa pamamagitan ng pagmonopolyo at pagkontrol ng mga imperyalistang kumpanya sa mga pandaigdigang at lokal na *patent* sa gamot, namonopolisa nila ang kaalaman, paggawa, paglalabas, at distribusyon ng mga gamot at sa gayo'y nakapaniningil sila ng presyong monopolyo.

Noong 1995 pumirma ang reaksyunaryong gubyerno sa kasunduan sa Trade-Related Aspects of Intellectual Property Rights (TRIPs) sa ilalim ng GATT-WTO. Sa ilalim ng kasunduan, dapat kilalain ng mga myembrong bansa ng

WTO ang mga *patent* at iba pang anyo ng "pag-aaring intelektwal."

Hawak ng pandaigdigang kartel sa gamot ang halos 13,000 *patent* ng mga gamot. Dahil pag-aa-ri at kontrolado nila ang mga *patent*, napatataas nila ang presyo ng mga gamot. Sadyang dambuhalang tubo lamang ang interes ng mga imperyalistang kumpanya sa gamot at hindi ang buhay at kagalingan ng mga tao. Pinakaga-


rapal itong ipinakita noong 1998-2000 nang hadlangan ng 40 myembro ng pandaigdigang kartel sa gamot ang

South Africa

na gumawa ng sariling gamot laban sa HIV/AIDS samantalang noong panahong iyon, 250,000 nang mamaayan doon ang nangamatay sa naturang sakit.

Sa kabilang banda, susi sa mababang presyo ng gamot sa India, Brazil, China, Cuba at Vietnam ang di lubos na pagkilala, pag-iwas o tahasang pagbalewala sa mga pandaigdigang *patent* sa mga gamot. Sa pamamagitan nito, naeenganyo nila ang lokal na pagmamanupaktura ng gamot at naoobliga, maging ang mga dayuhang monopolyo na magbaba ng presyo.

AB



Mahabang suspensyon ng usapang pangkapayapaan, ibubunga ng paglabag ng GRP sa JASIG

BINALAAN ni Ka Jose Ma. (Joema) Sison ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na anumang paglabag nito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) ay magreresulta sa matagalang suspensyon ng usapang pangkapayapaan at sasagutin din ng karampatang aksyon mula sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Idiniin din ni Ka Joema, punong konsultant ng NDFP *peace panel* na hindi maaaring makaisang panig na suspindihin ang JASIG. Reaksyon ito ni Ka Joema sa deklarasyon ni Executive Secretary Eduardo Ermita nitong Agosto 3 na sinususpindi ng GRP ang JASIG, isang kasunduang gumagarantiya sa seguridad ng mga upisyal at tauhan ng NDFP at GRP laban sa pang-aaresto habang umiiral ang negosasyong pangkapayapaan. Ani Ermita, maaari nang arrestuhin ng militar at pulisia ang mga tauhan ng NDFP dahil sa suspensyon ng JASIG.

Ayon kay Ka Joema, hindi makatwiran ang pagbasura ng GRP sa JASIG dahil hindi naman inaabanduna ng NDFP ang usapang pangkapayapaan. Bagamat suspendido ang pormal na negosasyon, nagpapatuloy ang mga di pormal na usapan at tuloy din ang trabaho ng mga *negotiating panel*, kanilang mga konsultant, tagapagto at istap. Oras na arrestuhin ng GRP ang sinumang tauhan ng NDFP, ani Ka Joema, dapat lamang na pormal na suspindihin na rin ng NDFP ang JASIG at gumawa ng mga karampatang hakbang para kontrahin ang pagtatradyor at brutalidad ng GRP. Kabilang din aniya sa mga maaaring gawin ng NDFP ang matagalang suspensyon ng usapang pangkapayapaan.

Inilinaw din ni Ka Joema na kung nais talagang tapusin ng GRP ang JASIG, dapat nitong pormal na paabutan ang NDFP ng sulat na pirmado mismo ni Gloria Arroyo, ang pinuno ng GRP. Ang sulat na ipinaabot sa NDFP ay pirmado lamang ni Ermita.

Bago ito, inianunsyo noong Hulyo ni Ka Luis Jalandoni, tserman ng NDFP *peace panel*, na ipagpapalibin muna nito ang pormal na usapan para mabigyang-pagkakataon pa ang GRP na tupdin ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga dati pang kasunduan. Kabilang sa mga hindi pa tinutupad ng GRP ang pangako nitong gumawa ng mga inisyatiba sa pulitika at diplomasya upang matanggal sa listahan ng mga "terorista" ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at si Ka Joema; ang patuloy na paggigiit ng GRP na sumurender ang NDFP; at ang mga banta sa buhay ng mga tauhan ng NDFP. Aniya, ang mga ito ay nagsisilbing balakid sa maayos na daloj ng usapang pangkapayapaan.

Ani Jalandoni, nagpasya ang NDFP na muling buksan ang pormal na usapan kapag naitayo na ang susunod na rehimen sa pag-asang mas magiging bukas ito sa pagtupad ng mga obligasyon ng GRP. Wala rin namang saysay, aniya, na makipagnegosasyon sa kasalukuyang rehimen dahil nasa bingit na ito ng pagbagsak.

NDFP, nakidalamhati sa pagkamatay ni Roco

NAKIDALAMHATI ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pagyao nitong Agosto 5 ni dating Sen. Raul Roco. Sa isang pahayag, sinabi ni Ka Luis Jalandoni, tagapangulo ng NDF *peace panel*, na si Roco ay isang "malapit na alyado ng rebolusyonaryong kilusan, makabayan, tagapagtugon ng mga karapatang sibil at matapat na tao."

Naging aktibo si Roco sa kilusang anti-Marcos. Isa rin siya sa mga nakalaban ni Gloria Arroyo sa pagkapresidente noong Mayo 2004. Bago siya mamatay sa sakit na kanser sa edad na 63, isa si Roco sa mga nanawagan noong Hunyo para sa pagbribitiw ni Arroyo dahil sa pandaraya sa halalan at pagkakasangkot sa hweteng.

Ika-60 taon ng pagbomba sa Hiroshima, ginunita

GINUNITA ng 55,000 katao sa Hiroshima, Japan ang kauna-unahang paghulog ng bomba atomika sa syudad noong Agosto 6, 1945. Pinalipad ang isanlibong kalapati kasabay ng pagkalembang ng mga kampana, pananalangin, pagsusunog ng insenso, pagtutulos ng kandila at pag-aalay ng mga bulaklak sa mga biktima.

Ang pambombombra sa Hiroshima ay matingkad na halimbawa ng pagbalewala ng US sa kapakanan ng mga sibilyan sa pagpapataw ng kapangyarihan nito sa mundo. Pasuko na sa US ang Japan nang magpasya ang US na subukin ang bagong imbentong bomba na lumipol ng 140,000 katao. Noong Agosto 9, 1945, 70,000 naman ang pinatay ng US sa paghuhulog ng isa pang bomba atomika sa Nagasaki, Japan.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoism

Taon XXXVI Blg. 15

Agosto 7, 2005

www.philippinerevolution.org

Editorial

Hindi na mapipigil ang pagbagsak ng rehimeng Arroyo



**Mga tampok sa
isyung ito...**

Mga protesta sa araw
ng SONA ni Arroyo

PAHINA 4

Salot na proyektong
rehabilitasyon ng PNR

PAHINA 8

Bakit napakamahal ng
gamot sa bansa?

PAHINA 10

Nitong nagdaang mga linggo, pus�ang pinalalabas ng mga propagandista ni Arroyo na ang kanyang guberno ay matatag at malakas, at papahina at mabibigo ang mga protesta laban sa kanyang rehimeng.

Tungo rito, isang agresibong kampanyang propagandang ala-Marcos ang kasalukuyang isinasagawa ng Malakanyang. Kina-tatampukan ito ng pagharap ni Arroyo sa masmidya upang isagawa ang mga manipuladong interbyu, pagtungo sa Malakanyang ng mga bayarang alipures upang palabas ng tinatamasa niya ang malawak na suporta at pagtangging talakayin ang mga isyu ng pagkakasangkot ni Arroyo sa hwesteng at pandaraya sa eleksyon. Sinasabayan ito ng matitinding paninira sa mga testigo laban kay Arroyo upang patahimikin o pabaligtarin sila.

Lahat ng ito ay bahagi ng pagpopostura ni Arroyo.

Taliwas sa nais niyang palabasin, patuloy na nasasadlak si Arroyo sa matitinding krisis pampolitika. Halos walang araw na lumilipas na walang lumilitaw na bagong ebidensya at testimonya kaugnay ng kanyang pandaraya at pagsisinungaling.

Pinakahuli rito ang paglantad ng bagong mga testigo na makapagpapatunay sa paggamit niya ng pera mula sa hwesteng para suhulan ang mga upisyal ng COMELEC para tiyakin ang kanyang pananalo. Ang mga testigo ay pawang nagmula sa sirkulo ng mga pinaka-pinakakatiwalaang tauhan ng naghaharing pangkatin at may direkta kaalaman sa mga anomalyang kinasangkutan ni Arroyo.

Palawak nang palawak ang hanay ng

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas ma-pusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com